**Abstract**

Why is there a need to remember? After all, why is there a memory? Why is memory either vanishing or buried beneath ourselves? What if in a common circumstance, in a familiar place, it was wonted to replace things, or to alter the distinction between period and time? How to be insane? How can we define history? What is the future? What is space and to whom does it belong? How can we determine oneself? What is now? It is a story of revival and dispute, from inside and out, or of everything—to connect the smallest self and the grandest moments.

**Keywords**

Muni-muni, alaala, gunita, kasaysayan, meditation, memories, recollection, history, Avenida

# BALIK-WAS

**MJ RAFAL**

> "In a world full of danger, to be a potentially seeable object is to be constantly exposed to danger. Self-consciousness, then, may be apprehensive awareness of oneself as potentially exposed to danger by the simple fact of being visible to others. The obvious defence against such a danger is to make oneself invisible in one way or another."
>
> R. D. Laing
>
> "The Divided Self: An Existential Study in Sanity and Madness"

GUSTO NA KITANG pangunahan.

Matatapos ang kuwentong ito sa hindi kaaya-ayang paraan. Isang katapusang malagim pa sa malagim—isang karaniwang eksena ng mga pangyayari sa kasalukuyang apokaliptikong pag-iral. Dahil ano pa nga ba ang mas malagim at kahindik-hindik sa pagiging karaniwan? Ang maiwan sa kasaysayan ng mga walang iniukit (o hindi iniukit) sa kasaysayan, malalabong lupon ng mga (laging) ekstra sa pelikula, mga

tuldok sa dulo ng larawan, mga alikabok sa kuwarto ng paglimot. At bakit ko ito sinasabi sa iyo (ang katapusan) gayong nagsisimula pa lamang tayo, nasa harap pa lamang tayo ng tarangkahan, nitong kathang iisipin kong babasahin mo, at alam kong binabasa mo na ngayon, na papasukin mo at papaloob sa lahat ng sulok at himutok nitong nakatindig na mansiyon ng aking pagkatha—dito nagsisimula (at natatapos) ang ninanais kong katapusan (at simula) ng lahat ng naririto sa pahina.

Natatandaan mo ba noong sinubukan kong makihigop ng kape sa isang pulubing nakatalungko at nagkakape sa kanto ng Avenida at Recto?

Tanda mo?

Walang ano-ano, walang patumangga, walang pag-aalinlangan akong lumapit, kumalabit sa kanyang tila madudurog na balikat saka ininguso ang aking mga labi sa kanyang umaasong kape, ng matandang pulubing nakatalungko sa bangketa, sa dating beerhouse na paboritong (dahil lagi ko siyang nakikita roon) tambayan/inuman ni Palito, (Natatandaan mo ba si Palito? Ang patpating artistang mahusay gumanap na bangkay at/o patay, patay, oo, patay na si Palito, baka hindi mo pa nababalitaan, totoong patay na siya, dedbol, patay na ang artistang mahusay maging patay, pinakamahusay siya ngayon dahil patay na siya at iyon ang tugatog ng kanyang sining bilang artistang ang pagganap na patay ang bumuhay sa karera, isang balintuna ng kanyang buhay, isang parodiya ng ating panahon) na ngayon ay isa nang walang-kaluluwang establisimyento ng multinasyunal na imperyo ng mga pagkaing walang-kaluluwa.

Doon sa kantong iyon, naroon ang matandang pulubi, iniaabot niya sa akin matapos ang aking kalabit, at makita ang nguso kong nakaturo sa kanyang marungis na baso, tulad ng wala kong alinlangang paglapit at paghingi sa kanya, walang alinlangan, walang patumangga rin niyang iniabot sa akin ang baso, parang babasaging kristal sa kanyang nagkalyo at tuyot na mga kamay (Alam kong inakala mong isasaboy niya sa akin ang kape kaya sinubukan mong marahang tabigin ang akala mong muwestra de peligro ng matandang pulubi, ngunit hindi, parang siya ang diyos sa pintang-sining ni Michael Angelo sa Sistine Chapel—iniaabot ang kanyang lugod, at ako ang suwail na nilalang ng kanyang kapangyarihan—ang kapeng umaaso, ang kapeng bantulot ko ring tatanggapin at hihigupin) na pandidirihan ko (sa una) dahil (Ano nga ba'ng aasahan?) ako ay isang estudyanteng naghahanap lamang ng bagong karanasan sa buryong ng buhay kong paikot-ikot.

Magulo kamo? Ako na nag-ayang puntahan ang matandang pulubi, makikihigop ng kape ngunit pandidirihan lang rin naman?

Uulitin ko: pitlag lamang ng aking kawalang-gawain, kawalang-ligalig, kidlat sa utak—ang makihigop ng kape sa isang estranghero.

Burgis na hininga ang ibinubuga ng aking baga. Ako na isang estudyante sa isang kilalang unibersidad sa Maynila, sa kumplikadong mga sikot ng U-Belt, sa laberinto ng mga eskinitang marungis at malihim, sa makasaysayang lunan ng pagbabalikwas (Bakit? Bakit ko alam ang pagbabalikwas? Inaakala mong hindi ko alam ang salitang iyan? O nagtataka ka na alam ko ang balikwas ngunit hindi ang pagbalikwas? O alam ko ang pagbalikwas pero hindi ko alam ang salitang balikwas? Huwag, huwag mo akong titigan nang ganyan. Wala akong alam. Buryong, oo, buryong lamang ako. Sinabi ko na sa iyo, buryong lang ako, bumabalik sa pagbabalikwas dahil binabalikwas ng pagkakataon, dahil ang mismong pagtapak ko sa mundong ito ay isang mahaba [o maikli] na panahon ng pagbalik, pagbalikwas).

Buti nga at sinamahan mo ako noon (at lubos kong ipinagpapasalamat), dinamayan sa buryong, sa aking pagtatangkang kilalanin ang matandang pulubi na madalas kong madaanan kung pauwi na sa inuupahan kong maliit na kuwarto sa isang sulok ng Raon mula sa mahabang araw ng pagtanga at tunganga sa nitsong blakbord at inuuod na bunganga ng mga propesor. Iyon ay mga panahon na, bukod sa pagkaburyong, ay tinuturuan ako (Tinuruan nga ba? O tinutunggali?) ng buhay (O ng nakaambang kamatayan?) na magpatuloy (o huminto) dahil sa dagan ng maraming alaala, alalahanin, at kung anong hindi ko mahiwatigan kung bakit kailangang tumbasan, tugunan, akayin, tupdin.

Hindi ko pa naikuwento, ano? Iyon ang mga panahon na parang katapusan na ng daigdig—mawawala na ang lahat sa akin. Itinakwil na ako ng mga tiyahin na nagpapaaral, ng kasintahang asintada sa karerang tinatahak (Hindi ko na matandaan ang kanyang pangalan, pero kabisado ko pa rin ang kanyang katawan, halimbawa, ang labi niya at ang mga bitak nito, o ang kanyang likuran na tila nakabakat ang mapa ng aking tutunguhing malapit o malayo man ay ramdam kong nariyan lamang). Ako, isang buryong sa buhay, itinatakwil dahil hindi alam ang dapat puntahan, pasikot-sikot, palibot-libot sa mga unibersidad, palipat-lipat ng kurso, pahinto-hinto, patalon-talon ng inuupahang kuwarto, paroo't parito sa kung saan dalhin ng utak katulong ang mga talampakang tadtad ng nunal (Hindi mabilang na nunal, nunal at lunan, lunan ng mga nunal, nunal ng

mga lunan, isa ako sa laksang itim na tuldok ng aking katawan; lagalag na alikabok sa papawirin ng lungsod, dapo-lipad kung saan ihatid ng hangin).

Mabuti nga at naroon ka sa yugtong iyon ng aking pag-iral (o pagkaligaw), madaling akayin, isang sitsit at bitbit na kita kasabay ng aking mga hakbang, kasabay ng aking paghinga, ng aking mga ligaya at takot at sakit at gutom. Sinamahan mo ako sa matandang pulubing lagi nang nakatatak sa aking periperal na tanaw sa mabangis na lungsod, sa sulok na iyon ng marungis na sangandaan ng Recto at Avenida, sa payong ng malamlam na lilim ng malamig na higanteng bangkay ng LRT. Na noong iabot niya at mahawakan ko ang kanyang baso ng kape, (at otomatiko ko munang pinandirihan, dahil ano pa nga ba't isang kagyat na tendensiya ng burgis na pangingilag sa mga tulad niya, sa matandang pulubi na iyon, sa mga katulad niyang nilalang na tiwalag sa riwasa ng daigdig) isang gusgusing baso, sapo-sapo ng malalambot kong palad, ako na pinalaki sa layaw (ng mga tiyahing pinag-iwanan sa akin ng mga magulang na hindi ko alam kung sino at nasaan at kumbakit kailangan akong iwan sa mga taong retokado ang buhay sa ginhawa ng status quo—mga propesyunal sa kani-kanilang larangang nagpapaandar sa daigdig ng makina, mga citizen-of-the-world, nagkalat sa daigdig, sa mga bayan na naghahanap ng mga bagong bayaning maglilinis ng kanilang mga de-taeng mga puwit, nanlilimahid na inidoro at mga anak na inaruga sa layaw ng pera at paubaya, silang mga de-kotse sa bayang sinilangan ngunit mga de-susing robot sa lupaing pinagsisilbihan, mga aliping kinain ang dangal at pagkatao para sa bansa ng kanilang pinapanginoon, lahat sa ngalan ng hungkag na kaginhawaan, kaginhawaan na ipinanligo sa aking balat at ipinuno sa aking sikmura . . . hanggang sa hindi ko na masikmura, bakit nga ba bigla kong hindi nasikmura ang kanilang layaw?) at kantiyaw (Anak ng alien, anak ng aswang, anak ng multo, anak ng demonyo, anak sa pagkadalaga, anak sa pagkabinata, anak ng puta, anak ka ng ina mo, putangina mo!) ay kinain ng itim na uniberso ng kape sa munting basong gusgusin, pumaloob sa daigdig ng aroma, pumailanlang sa asóng inihihinga ng kape, sinipsip ng titig ng matang-tubig, ng kalawakan, ng rabaw ng kape, at para bang, oo, nasa palad ko ang daigdig, ang kalawakan, ang uniberso, ang katawan ng aking naglahong pag-ibig, ang kanyang likuran, ang mapa ng aking paroroonan, doon, lahat, sa munting tasa na naging ginto sa aking mga kamay.

Natatandaan mo?

Naging ginto at ikaw ang unang nagitla, ako naman ay nakatunganga lamang sa gintong bunganga ng baso at pasilip-silip sa mukha ng

matandang pulubi (Totoo ba ang mga nangyayari noon? Bakit parang lumalabnaw ang lahat sa paligid maliban ang baso at kape?).

Ngumiti lamang ang matanda (Naging ginto rin ba siya, o may ngiping ginto sa siwang ng kanyang mga labi?). Hindi siya naging ginto (Kailangan bang maging ginto ang magiging abo na?). Walang nagbago sa kanya maliban sa nagluwal ito ng tila ngiti sa lahat ng ngiti, ang tanging perpektong ngiti sa kabila ng nagmamadaling-malusaw-na-daigdig ng sangandaang iyon.

Natatandaan mo?

Tandaan mo! Dahil natatandaan ko!

Natatandaan kong sinabi mo (Sumisigaw ka ba o bumubulong?): higupin mo, higupin mo! (Hihigupin ko kahit parang gumuguhong kastilyo ang lahat sa paligid?) Nahintakutan ba ako sa utos mo? (Pagod ka lang, tanda kong sabi mo). O kontrolado ako ng iyong tinig? O baka papet ako ng aking sariling pagkaligaw? (O pagkaburyong). At sa panginginig ng aking kamay, sapo ang ligamgam ng baso, ang malambot kong palad, ang mukha mong gitla, ang ngiti ng matanda, ang sangandaan—lahat ng iyon ay nasa loob ng baso, sa gilid, sa rabaw, sa ilalim ng itim ng kapeng nag-aanyaya ng higop.

Higop (O bulwak?).

Sumigid sa mga pagitan ng aking mga ngipin ang katamtamang init ng kape, naglaboy sa dila, lumambitin sa ngalangala, nagpatihulog sa lalamunan, humagod sa kaloob-looban ng aking katawan—atomika ng hindi maipaliwanag, sambulat ng mga nagbanggaang bituin, supernova.

Napapikit ba ako noon habang humihigop? O nakadilat lamang? Dahil nakita kita habang hinihigop ko nang marahan ang kape sa ginintuang baso, o ikaw pa nga ba iyon? May kasama ba talaga ako? Sa kantong iyon, sa sangandaang iyon, na sa pagkakataong iyon, bigla, ay naging higit na maalikabok (Nawawala rin ang higanteng bangkay ng LRT!) hindi na sa usok ng mga nagtatalaban-gitgitang mga dyip, kundi sa kaskas ng mga paa at karitela (Bakit may karitela? Wala nang kabayo sa lungsod! Ang tao na ang kabayo ng lungsod, nawala ang mga makina at tumambad ang mga paa!) sa lupang bigla ring tinakasan ng semento, ng aspalto. Nasaan ang semento? Bakit ka lumayo? O lumayo ka nga ba? Lalayo ba ang hindi mo naman nakasama? Sino ka ba na sumama sa akin? Bakit itinakas mo ang ngiti ng matandang pulubi? Hindi, hindi. Ikaw ang wala ngunit siya, ang matanda, ay naroon pa rin ngunit hindi na siya ang matandang pulubi. Siya na ba ang patpating

paslit na nakatitig sa sapo-sapo kong baso ng kape? Iyon at nasa paslit, ang kanyang babasaging balikat. Iyon at nasa paslit, ang kanyang ngiti. Kung hindi, saan kayo nagpunta? Nawawala kayo! Iniwan ninyo ako. Nawawala ako! Pumikit ba ako? Hindi. Nakatundos ang aking mata sa kape, sa titig ng kape. Humihigop lamang ako, nakababad lamang ako sa linamnam ng kape (O baka nga lason? O droga?).

Hindi na iyon ang Avenidang alam ko. Nasaan ang McDo na dating beerhouse na paboritong tambayan ni Palito? Pumikit ba ako? Pumikit nga marahil ako, sa pagkakatanda ko, at mabilis ding dumilat malaon matapos hagurin ng kape ang aking kalooban. Higop, pikit, hagod, dilat. At walang introduksiyon na tumambad sa akin ang inyong kawalan (Naroon ba talaga kayo? Kay labo bigla ng aking pag-alaala sa tagal ng panahon na hindi ko inurirat sa aking gunita ang lahat ng naririto sa aking kuwento, gayon at katuwang ko pa rin ang pagpikit sa lahat ng pagpapanumbalik, iniisip mo bang nakapikit ako habang tinitipa ang mga ito? Kung sasabihin kong oo, maniniwala ka ba? Ikaw ba na nagbabasa nito ay siya ring aking akay sa kanto na iyon ng Recto at Avenida? Hindi ba? Naroon ka ba? Nakita mo ang matanda sa kanto na iyon? Naroon ka ba? Anong taon na ngayon at wala na ang kantong iyon. Wala na hindi lamang ang kantong iyon, wala na ang lahat sa paligid ng kantong iyon, wala na ang lansangan na iyon, wala na ang mga tao, wala na ang Lungsod ng Maynila, wala na ang bansang iyon! (Ito ang sabi ng aking gunita!) Bumalik ako sa hinaharap, sa pagkakaatras matapos humigop ng kapeng iyon, paanong tila nagpapatong-patong ang nangyari na sa hindi pa nangyayari? Bulong ng aking alaala!) habang nagigitla sa biglaang paglalaho ng mga dyip, semento at ng mga inaakala kong kasama: ito ang nakaraan at inaalaala mo ngayon ang kinabukasang laktaw pa sa iyong pinagsimulan—naglaho ang lahat isang araw, isang araw habang talamak ang pandemya (Pandemya ang tanong sa lahat ng sagot!) sa lahat ng sulok ng daigdig, biglang nilambong ng dagundong ang paligid, kinain ng makapal na dilim ang lahat, dilim ng mga dilim, palahaw, iyak, sumamo, sigaw, iyak, tulong! Takbo!

Naglaho ka nga bang talaga? Ang iyong kawalan ay tinumbasan ng alikabok ng lansangan, mga karitela, mga palatak ng paa ng kabayo, mga taong abala sa paroon at parito, mga sunong na bilao ng matandang babae, mga batang walang tsinelas, mga lalaking lakad nang lakad sa kung saan patungo. At bakit parang naliligaw ang lahat? Bakit ako naroon? Bakit ako narito? Sa paghigop ng kape, sa basong nagsaginto, ng

matandang pulubing nakangiti, lahat ay sinundan ng bagyo-sa-isipan, ng alaala ng nakaraan at ng pasakalye ng hinaharap (Maaari ba talagang mangyari ang ganito?).

Ngunit nakaraan na ang lahat ng aking sinasabi, walang alaala ang kinabukasan, hindi ba? (Paanong sa pagkakataong ito, mula lamang sa hatak ng buryong ay gumagampan na ako ng pagiging propeta at/o historyador?) Ang binabanggit ko ngayon ay gunita, memorya, alaala. Ang lahat ng aking nasa isip ay nakaraan na. Hindi ba? Lahat ng itinatala ay alaala ng lumipas. Ito man ay para o tungkol sa hinaharap, sa mga paparating. Nasaan ako ngayon? Maniniwala ka ba kung sasabihin ko sa iyo na ito ay gunita lamang? Na ang iyong kausap, ang iyong binabasa, ang tumitipa, ang mambabasa, kahit ikaw, ay pintig sa loob ng uniberso ng paradoha? Lahat ng alaala rito ay totoo. Nangyari na at lumipas. Ang apokalipsis, ang pandemya, ang matandang pulibi sa kanto ng Avenida at Recto, sa Captain Pepe Building, si Palito, ang mga dyip, ang LRT, ang alikabok, ang baso, ang kape.

Ngunit ikaw, totoo ka ba, ikaw na nagbabasa nito? Sumama ka ba talaga sa akin noong yayain kita sa kantong iyon? Na kausapin natin ang matandang pulubi, na makihigop sa kanyang baso, sa hiwaga ng kanyang kape?

Sa lalong paghalukay sa hukay ng gunita, parang ako lamang ang naroon. Oo, ako lamang. Kausap ang sarili habang nasasabik umigpaw sa karaniwang salakay ng aking araw-araw bilang estudyanteng nauupos ang magandang kinabukasang pangako ng kung anong kapalaran. Tangan ang bakpak, ang gusot ng unipormeng ipinatahi ko pa sa underpass sa Quezon Boulevard, sa udyok ng iniatang na takdang-aralin ng propesor sa Sosyolohiya. Ano nga ang pangalan niya? Kilala mo pa ba? Si Dela Cruz? Si Padilla? Sebastian? Assignment: makipamuhay (Wow! Fieldwork!), makisalamuha sa pinakadayukdok (Dayukdok ba talaga ang sinabi niya noon?) na taong kilala o alam mo at itala ang iyong (mga) karanasan kapiling siya/sila. Ipasa sa susunod na pagkikita (Ngunit wala nang sumunod na pagkikita, hindi ba?).

Walang gatol, habang kumakayas ang chalk sa luntiang pisara, umuulang tila niyebe ang buhangin ng chalk sa paanan ng propesor, iglap na sumagi sa akin ang matandang pulubing lagi nang nagkakape sa isang kanto ng sangandaan na iyon ng Avenida-Recto. Hinihigop ako ng

kuryosidad na siya ang maging "dayukdok" sa aking itatalang karanasan sa tulak ng isang gawaing pangklase (Baka makatsamba pa ng mataas na grado! Palalayasin na ako ni Auntie dahil bulakbol de kolokoy raw ako).

(Kaya nga't sa lalo pang pag-alaala, sino ka na inaakala kong kasama sa aking pakikisalamuha sa matandang pulubi? Sino kang kausap ko noon? At ang kausap ko ngayon? Kaklase? Kaibigan? Kasintahan? Kamag-anak? Sino ka, estranghero?)

'Pagkat bumabalik sa aking utak ang mga nangyari, lumilinaw ('Pagkat wala akong kailangang pagkatiwalaan kundi ang aking alaala).

Kumukupas ang kape. Lumiliwanag ang lalamunan sa saboy ng kagyat na unawa (Kung pagkaunawa nga ito), lumiwanag ang kape sa aking loob.

Ang sabi ng gunita, ang alaala ng aking alaala: walang ikaw, tanging ako lamang. Oo, may matandang pulubi may kanto may Avenida may Recto may LRT may semento may dyip may alikabok may lansangan may ingay may paligid may daigdig na biglang nawala at biglang babalik, may hinaharap na biglang humagip, at bigla-bigla ay magiging ako sa alikabok sa maligasgas na lupa sa lansangan ng mga karitela at kabayo at nagmamadaling mga tao sa kanto ng mga puno at halaman na hindi ko alam ang pangalan.

Lahat sa iglap ng higop ng kape.

Nagbalik ba ako sa lumipas? Nagbalik ako sa lumipas at naalaala ang hinaharap na hindi akin? Bakit may pandemya at pagkagunaw? Iyon pa ba ang lungsod na kinilala ko't kinakabisado sa tulong ng mata at paa? Alam kong sabik ako sa alaala ng lumipas. Ngunit paano ako dadalhin ng kape sa lumipas nang hindi ko alam? Ano ngang panahon ito? Anong panahon iyon? At anong teknolohiya mayroon ang kape para ibalik ako sa panahong iyon? O ito ba ang lumipas? O ito ang bukas?

Isa sa mga natatandaan ng aking gunita ay ang panahong tinutugis ng virus ang daigdig sa kabila ng sanlaksang hakbang-pasulong ng agham at teknolohiya. Nailuwal ang bakuna (O matagal nang naihanda bago pa pumutok ang pandemya?) sa loob ng ilang buwan matapos kumalat ang sakit. Ngunit, ang sabi ng gunita ko'y nilamon ang daigdig, nilamon ng kung anong mayroong biglaang nagsulputan sa langit. Sabog ng mga ilaw. Higanteng kabute ng usok. Sanlaksang tutubi sa papawirin. Halo-halong kung anong kulay sa langit. Nukleyar na pagkagunaw? Deux ex machina? Giyera!

Wala na raw ang daigdig sabi ng aking alaala pagkahigop sa kape, ng matandang pulubi. Ngunit naririto ako. At naririyan ka, hindi ba?

Binabasa mo ito? Tayo na lang ba ang natira sa daigdig at binabalikan na lamang natin ang alaala ng sakuna? Kung tayo ang natitira at wala na ang daigdig, saan tayo nakatapak, paano tayo humihinga? O nasa bingit tayo ng kamatayan at tumatambad sa atin ang ating buong buhay?

Ganoon daw iyon di ba?

Kaya't baka iyon nga ang nangyari noong pagkakataong iyon. Baka may lason ang kape? (Dahil totoo ang matandang pulubi at ang kanyang kape, iyon ang tanging totoo na nakikita ng aking alaala). May kung anong kidlat ng matinding sakit ang gumuhit sa aking dibdib. Punyal ng estranghero? Bumubula ba ang aking bibig? O nalunok ko ang sariling dugong sumirit sa aking ilong at bibig? Natikman mo na ba ang sarili mong dugo? Naghihingalo ako sa kantong iyon, pinalilibutan ng mga estrangherong espektakulo ang akalang nangyayari sa akin at hindi isang sakuna. Isang matinding eksenang nangangailangan ng totoong bayani.

May kung sinong humablot sa aking bakpak. May kumapa sa aking bulsa. Ngiti sa lahat ng ngiti. Ngunit ganoon nga ba ang nangyari?

Nakalapat ang aking balat sa santinakpan ng Recto at Avenida. Hinihigop ng aking balat-ugat-kalamnan ang kasaysayan ng kantong iyon, ng lansangang iyon—Dulumbayan, Salcedo, Cervantes, Ideal, Galaxy, Odeon, Manila Grand Opera, Zorilla, Libertad, Carmello Bauerman, Kneedler, Goiti, La Campana, Bata, Otis, Good Earth, Bonifacio, KKK, Himagsikan, Avenue, State, Cinerama, Dalisay, Thomasites, Benevolent Assimilation, Capitol, Ever, Globe, Echague, Carriedo, WWII, Bambang, Blumentritt, Abad Santos, Shimbun, Greater Co-Prosperity East, Grace Park, Bagong Republika, San Lazaro, Palanca, Bagong Lipunan, Marcos Hitler Diktador Tuta, Martial Law, Sta. Cruz, Ninoy, Ronquillo, EDSA, Rizal . . .

Kung anuman itong ating katapusan, kung anuman itong ating kabaliwan, kumbakit tayo napadpad rito, kumbakit tayo napadpad doon, nakihigop ng kape sa matandang pulubi, sila na ating kasama, lahat ng naririto sa ating alaala-gunita-memorya, hayaan ninyong simulan natin ang katapusan ng kathang ito sa pinakakaraniwan. Wala tayo sa kuwento ngunit may mambabasa. Dumadaloy tayong karaniwan pa sa karaniwan, dumaraang lagim tulad ng karaniwang hangin—may estudyante na namang hinoldap, at sinaksak, sa sangandaan ng Recto at Avenida.